

# PECHAY

Ito ay isa sa mga dahong gulay na karaniwan nang itinatanim sa Pilipinas. Maaari itong kainin nang sariwa o ihalo sa mga lutuing Pinoy gaya ng nilagang baboy at sinigang.

Ang *pechay* ay nagtataglay ng *calcium, phosphorous, potassium, iron, protein, at carbohydrates.*



## LUGAR NA PAG TATANIMAN

Magandang itanim ang *pechay* sa lupang buhaghag na maraming organikong sustansiya. Mahalaga na hindi tinitigilan ng tubig ang lupa, ngunit hindi rin mabilis matuyuan.
Itanim ito sa lugar na naarawan at may temperaturang 18-22°C. Maaari din itong itanim sa anumang buwan ng taon.

## PAGPILI NG BINHI

Pumili ng binhi na angkop sa lugar na pagtataniman. Maaaring gamitin ang mga binhi na mataas ang resitensya sa mga sakit.

## PAGHAHANDA NG LUPANG TANIMAN

Bungkalin ang lupang pag tataniman, mag lagay ng 1kg na pinatuyong dumi ng manok o *chicken manure* at 300 gramo ng *carbonized rice hull* kada metro kwadrado.

## PAGPUPUNLA AT PAG LILIPAT TANIM

Magpunla ng 5 buto kada tudling sa kamang punlaan. Mas mainam kung may *seedling tray* upang mas madaling maglipat ng punla. Bahagyang takpan ng lupa ang mga buto. Tiyakin na natatakpan ng lupa ang mga buto upang hindi ito kainin ng mga insekto. Diligan araw-araw ang punlaan. Mas mainam kung gagamit ng *sprinkler*.

## PAGPUPUNLA AT PAG LILIPAT TANIM

Gawin ang paglilipat-tanim makalipas ang 15 araw pagka-punla. Basain nang lubusan ang pinagpunlaan isang araw bago mag lipat-tanim, upang madali itong tanggalin sa pagkakapunla. Ilipat-tanim ang mga punla sa kamang taniman na may distansiyang 6-12 pulgada, depende sa barayti. Diligan ang taniman pagkatapos nito.

## PANGANGALAGA

Mag-*apply* ng Fermented Plant Juice (FPJ), 1-3 beses sa isang lingo upang lumusog ang mga halaman at tumaas ang resistensya sa mga sakit at peste. Diligan ang taniman 2-3 beses sa isang linggo o kung kinakailangan. Ugaliin din na tanggalin ang mga damo upang maiwasan ang kumpetensiya sa sustansiya at araw.

## PAMAMAHALA NG SAKIT AT PESTE



Downy Mildew



Cutworm



Diamond Black Moth



## PAMAMAHALA NG SAKIT AT PESTE

Ilan sa mga pangunahing sakit ng *pechay* ay ang *Damping Off*, Downy Mildew *at* Club Root. Ang pangunahing mga kulisap naman ay Diamond Back, Cutworm at Aphids. Bunutin ang mga may sakit na halaman at sunugin upang hindi na ito kumalat. Bawasan din ang pagdidilig kapag nagsimula ng malanta ang mga *pechay* sanhi ng sakit.

Maaring gumamit ng mga *blue label* na pamatay-kulisap upang masugpo naman ang mga pesteng kulisap. Iwasang mag-*spray* ng pestisidyo isa o dalawang araw bago ang ani.

## PAG-AANI

Maari nang anihin ang tanim na pechay mula 30 hanggang 40 araw pagkatanim. Gawin ito sa hapon upang maiwasan ang pag-kalanta. Bunutin o putulin ang *pechay* at hugasan. Ilagay sa plastic na bag at butasan upang magkaroon ng hangin. Palibutan ng lumang diyaryo ang inaning *pechay* bago ilagay sa plastic bag upang lalong tumagal na sariwa.

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag o mag text lamang sa FARMERS' CONTACT CENTER
**0920 946 2474**